Republic of the Philippines
**Department of Education**
Region XI
**SCHOOLS DIVISION OF DIGOS CITY**
**OFFICE OF THE SCHOOLS DIVISION SUPERINTENDENT**

**DIVISION MEMORANDUM**
SGOD-2025-741

To: : Assistant Schools Division Superintendent
Division Chiefs
Public Schools District Supervisors
Education Program Supervisor- Filipino
Public School Heads
Public School Teachers

Subject : **CALL FOR NOMINATION OF THE GAWAD JULIAN CRUZ BALMASEDA 2025**

Date : June 23, 2025

This is in reference to the 1st Indorsement dated June 17, 2025 signed by Allan G. Farnazo, Director IV, re: Call for Nomination of the Gawad Julian Cruz Balmaseda 2025.

All other details of the said activity are found in the enclosures for ready reference.

For information and dissemination.

For and in the absence of the Schools Division Superintendent:

**CHERRIE ANNE B. BOHOL**
Education Program Supervisor
Officer-In-Charge

DepEd Schools Division of Digos City
RECORDS SECTION
RELEASED
DATE: JUN 25 2025 TIME:
BY:

Enclosed: As stated
SGOD/rbd

RECORDS

DepEd Schools Division of Digos City
RECORDS SECTION
RECEIVED
18 JUN 2025

Republic of the Philippines
**Department of Education**
DAVAO REGION

1st Indorsement
June 17, 2025

Respectfully referred to the Schools Division Superintendents, the invitation from the *Komisyon sa Wikang Filipino*, on the Call for Nominations of the *GAWAD JULIAN CRUZ BALMASEDA 2025*, for information dissemination.

**ALLAN G. FARNAZO**
Director IV

DEPARTMENT OF EDUCATION RO
RECORDS SECTION
RELEASED
By:
Date: Time: June 18, 2025

Enclosed: As Stated.

*ROH2/ibd*

DepED

DepEd XI Davao Region <region11@deped.gov.ph>

DEPARTMENT OF EDUCATION ROX
RECORDS SECTION
0 5 JUN 2025 6:15 12 02 19
By:
Date: Time: 8:37

# Imbitasyon mula sa Komisyon sa Wikang Filipino (GAWAD JULIAN CRUZ BALMASEDA 2025, tumatanggap na ng lahok!)

1 message

**kwf press release** <kwf.pressrelease@kwf.gov.ph>
To: DepEd XI Davao Region <region11@deped.gov.ph>

Thu, Jun 5, 2025 at 9:26 AM

Magalang na ibinabahagi ang imbitasyon ng Komisyon sa Wikang Filipino hinggil sa pagpapasa ng mga lahok para sa **GAWAD JULIAN CRUZ BALMASEDA 2025**. Magalang na hinihiling na maibahagi ng inyong tanggapan sa mga estudyante, babae man o laláki, sa antas gradwado (masteral at doktorado.

Maraming salamat po.

**2 attachments**




**Mula sa Komisyon sa Wikang Filipino (Gawad Julian Cruz Balmaseda 2025).jpg**
183K

**GAWAD JULIAN CRUZ BALMASEDA 2025, tumatanggap na ng lahok!.docx**
20K

**GAWAD JULIAN CRUZ BALMASEDA 2025, tumatanggap na ng lahok!**

Ang **Gawad Julian Cruz Balmaseda** ay ang pinakamataas na pagkilála na handog ng KWF para sa natatanging tesis at disertasyon sa agham, matematika, agham panlipunan, at iba pang kaugnay na larang gámit ang wikang Filipino.

Layunin nitó na hikayatin at palaganapin, sa pamamagitan ng sistemang mga insentibo, grant, at gawad, ang pagsusulat at publikasyon sa Filipino at ibang mga wika ng Pilipinas ng mga akdang orihinal, kabílang ang mga teksbuk at sangguniang materyales sa iba't ibang disiplina.

May dalawang kategorya ang gawad: (1) tesis at (2) disertasyon. May isang magwawagi lámang sa bawat kategorya. Maaari ding walang tatanghaling magwawagi sa alinmang kategorya.

Nagsimula ang gawad noong 2015 at nakapagtala ng labindalawang nagwagi: Marlon S. Delupio, disertasyon sa kasaysayan (2015); Gilbert E. Macarandang, disertasyon sa agham pampolitika at Roman Sarmiento Jr., tesis sa kasaysayan (2016); Lovella G. Velasco, disertasyon sa panitikan, at Christian Ezekiel J. Fajardo, tesis sa antropolohiya (2017); Emmanuel S. De Leon, disertasyon sa pilosopiya (2018); Wennielyn F. Fajilan, disertasyon sa pagsasalin (2019); Regina Starr B. Abelardo, tesis sa musika at panitikan (2020); Roque Augustus L. Lamadrid, tesis sa araling kultural, at Jonathan V. Geronimo, disertasyon sa araling kultural (2022); at Kristine Mae M. Nares, tesis sa araling kultural, at Mariyel Hiyas C. Liwanag, disertasyon sa araling wika (2025).

Makatatanggap ng halagang PHP100,000 (net) at isang plake ng pagkilála ang magwawagi sa mga kategorya ng naturang gawad. Lahat ng kopya ng mga lahok, nanalo man o natalo, ay hindi na ibabalik sa mga kalahok. Angkin ng KWF ang unang opsiyon na mailathala ang mga nagwaging lahok nang walang royalti sa may-akda.

**Tuntunin**:

1. Ang gawad ay bukás sa lahat ng mga estudyante, babae man o laláki, sa antas gradwado (masteral at doktorado), maliban sa mga empleado ng KWF at kanilang mga kaanak.

2. Ang ilalahok na tesis at/o disertasyon ay naipagtanggol at naipasá sa mga taóng 2022–2024.

3. Kinakailangan itong isulat bílang kahingian sa mga kursong may kaugnayan sa agham, matematika, agham panlipunan, humanidades, at sa iba pang kaugnay na larangan.

4. Kailangang orihinal na isinulat at ipinagtanggol sa Filipino ang lahok, orihínal na gawa ng may-akda, hindi pa nailalathala bílang aklat, at hindi rin salin mula sa ibang wika.

5. Marapat na gamítin ang **KWF Manwal sa Masinop na Pagsulat (MMP)** bílang format sa pagsulat ng talababa, talasanggunian, at iba pa.
https://drive.google.com/.../1oRH4v9ANfiz4ydexCOC958.../view

(Tiyaking naka-login sa inyong google account).

6. Para sa paglahok, kinakailangang isumite nang apat (4) na limbag na kopyang computerized (hardcopy). Ang kopya ng mga lahok ay kinakailangang walang taglay na anumang pagkakakilanlan ng may-akda. Nangangahulugan ito ng pag-aalis ng mga preliminaryong pahina ng tesis at disertasyon na nagtataglay ng pagkakakilanlan ng may-akda. Tanging

pamagat ng tesis/disertasyon at sagisag-panulat lámang ang pahihintulutang nakalimbag sa manuskrito.

7. Ang mga preliminaryong pahina ng tesis/disertasyon, gaya ng katibayan ng pagsang-ayon, tungkol sa mananaliksik o bionote, pasasalamat, pag-aalay, pahina ng grado at ebalwasyon, at iba pang katulad ay ilalakip sa isang bukod na brown envelope, kasáma ang sumusunod:

(a) curriculum vitae ng may-akda;

(b) pormularyo ng paglahok (https://shorturl.at/YSM6S);

(c) notaryadong awtentipikasyon ng lahok;

(d) notaryadong katibayan ng etikong pananaliksik (walang plahiyo) na nilagdaan ng tagapayo;

(e) rekomendasyon mula sa dalawang propesor ng kinabibilangang larangan;

(f) rekomendasyon mula sa tagapangulo ng kinabibilangang departamento;

(g) rekomendasyon mula sa dekano/a ng kinabibilangang kolehiyo; at

(h) dihital na kopya ng lahok na nása isang universal serial bus (USB).

8. Ang dokumentong ito ay nakalagay sa isang expanding envelope na may pangalan at adres ng kalahok. Maaaring dalhin nang personal o ipadala sa koreo ang lahok sa:

**Lupon sa Gawad Julian Cruz Balmaseda 2026**

Komisyon sa Wikang Filipino

2/P Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel,

Brgy. 640, San Miguel, Maynila 1005

9. Ang hulíng araw ng pagsusumite ng mga lahok ay sa **10 Oktubre 2025, 5:00 nh**. Para sa mga ipinadala sa pamamagitan ng koreo, tatanggapin lámang ng KWF ang mga lahok na naipadala bago o sa nabanggit na petsa.

10. Ang mga magwawagi sa kategorya ng (1) tesis at (2) disertasyon ay makatatanggap ng PHP100,000.00 (net), plake, at medalya. May isang magwawagi lámang sa bawat kategorya. Maaari ding walang tatanghaling magwawagi sa alinmang kategorya. Angkin ng KWF ang unang opsiyon na mailathala ang mga nagwaging lahok nang walang royalti sa may-akda.

11. Ang pasiya ng Lupon ng Inampalan ay pinal at hindi na mababago.

12. Hindi patatawarin ang sinumang mahuhúling nagplahiyo. Kakanselahin ng KWF ang ipinagwaging lahok at hindi na muling makasasali pa sa alinmang timpalak ng KWF.

13. Pára sa karagdagang detalye, tumawag o mag-text sa 0928-844-1349, o mag-email sa timpalak.gawad@kwf.gov.ph.

###